



## ضغ اسم حيوانٍ أو طيرٍ في الفراغ Ilagay ang pangalan ng hayop o ibon sa patlang

1 {وَإِذْ قَالَ مُوسَىٰ لِقَوْمِهِ إِنَّ اللَّهَ يَأْمُرُكُمْ أَنْ تَذْبُحُوا (.....)}

At inyong alalahanin nang sabihin ni Moises sa kanyang mga mamamayan:

"Katotohanan, ang Allah ay nag-uutos sa inyo na kayo ay magkatay ng isang (.....).

2 {فَالْتَقَمَهُ (.....) وَهُوَ مُلِيمٌ}

Kaya, ang (.....) ay lumulon sa kanya, sapagka't ang kanyang ginawa ay nararapat na isumbat sa kanya.

3 {وَتَفَقَّدَ الطَّيْرَ فَقَالَ مَا لِيَ لَا أَرَى (.....) أَمْ كَانَ مِنَ الْغَائِبِينَ}

At kanyang hinahanap ang mga ibon, at kanyang sinabi: "Ano baa ng nangyayari at hindi ko nakikita ang (.....).

4 {فَبَعَثَ اللَّهُ (.....) يَبْحَثُ فِي الْأَرْضِ لِيُرِيَهُ كَيْفَ يُورِي سَوْءَةَ أَخِيهِ}

Pagkaraan, ang Allah ay nagpadala ng isang (.....) kinakahig nito ang lupa upang mapakita sa kanya kung paano na maitatago ang patay na katawan ng kanyang kapatid.

5 {قَالَ إِنِّي لَيَحْزُنُنِي أَنْ تَذْهَبُوا بِهِ وَأَخَافُ أَنْ يَأْكُلَهُ (.....) وَأَنْتُمْ عَنْهُ غَافِلُونَ}

Siya [si Hakob] ay nagsabi: "Tunay na aking kinalulungkot na siya ay inyong dapat isama at ako ay nangangamba na baka siya ay kainin ng isang (.....) habang siya ay hindi ninyo napapansin.

6 {يَأْيُهَا (.....) ادْخُلُوا مَسَاكِنَكُمْ لَا يَحْطِمَنَّكُمْ سُلَيْمَانُ وَجُنُودُهُ وَهُمْ لَا يَشْعُرُونَ}

O mga (.....), magsipasok kayo sa inyong mga pinamamahayan, baka kayo ay mapisa [patapakan] ni Solomon at ng kanyang mga kawal, nang hindi nila namamalayan.

7 {إِنْ هَذَا أَخِي لَهُ تِسْعٌ وَتِسْعُونَ (.....) وَلِيَ (.....) وَاحِدَةً}

Katotohanan, itong aking kapatid ay nagmamamay-ari ng siyamnaput siyam na (.....), samantalang ako ay may isang (.....) lamang.

8 {فَمَثَلُهُ كَمَثَلِ (.....) إِنْ تَحْمِلْ عَلَيْهِ يَلْهَثُ أَوْ تَتْرُكْهُ يَلْهَثُ}

Kaya ang kanyang kahalintulad ay isang (.....) : kung ito ay iyong itataboy, kanyang inilalawit ang kanyang dila.



9 {أَلَمْ تَرَ كَيْفَ فَعَلَ رَبُّكَ بِأَصْحَابِ (.....)}

Hindi mo pa isinaalang-alang[ang kasaysayan] kung papaano pinakitunguhan ng iyong panginoon ang mga kasamahang [sakay ng] (.....).

10 {كَأَنَّهُمْ (.....) مُسْتَنْفِرَةٌ \* فَرَّتْ مِنْ (.....)}

Wari bang sila ay mga nangatatapot na (.....), Na tumatakas mula sa bangis ng (.....).

11 {فَأَلْقَى عَصَاهُ فَإِذَا هِيَ (.....) مُبِينٌ}

Kaya, inihagis ni Moises ang kanyang tungkod at kapagdaka, ito ay naging isang lantad na (.....).

12 {مَثَلُ الَّذِينَ حُمِّلُوا التَّوْرَةَ ثُمَّ لَمْ يَحْمِلُوهَا كَمَثَلِ (.....) يَحْمِلُ أَسْفَارًا}

Ang kahalintulad niyaong mga taong pinagkatiwalaan ng Torah subali't pagkaraan ay hindi nagawang tuparin ang tungkulin para rito, ay tulad ng isang(.....) na nagpapasan ng mabibigat na aklat subalit walang nauunawaan dito.

13 {وَيَا قَوْمِ هَذِهِ (.....) اللَّهُ لَكُمْ آيَةٌ فَذَرُوهَا تَأْكُلْ فِي أَرْضِ اللَّهِ وَلَا تَمَسُّوهَا بِسُوءٍ}

At O aking nga mamayanan! Ito ang babaing (.....) ng Allah, ito ay isang tanda para sa inyo. Kaya,hayaan sila na manalangin sa lupain ng Allah, at huwag na ninyong dulutan ito ng pananakit.

14 {وَأَوْحَى رَبُّكَ إِلَى (.....) أَنْ اتَّخِذِي مِنَ الْجِبَالِ بُيُوتًا وَمِنَ الشَّجَرِ وَمِمَّا يَعْرِشُونَ}

At ang iyong Panginoon ay nagbigay- inspirasyon sa mga (.....):"Kunin at manirahan kayo sa mga bundok at sa mga punongkahoy at sa anumang kanilang itinatayo bilang pagpupuguran.

15 {فَأَرْسَلْنَا عَلَيْهِمُ الطُّوفَانَ وَ(.....) وَ(.....) وَ(.....) وَالذَّمَ آيَاتِ مَفْصَلَاتٍ فَاسْتَكْبَرُوا

Kaya Aming ipinadala sa kanila: ang baha,ang mga(.....) , ang mga {وَكَانُوا قَوْمًا مُجْرِمِينَ} (.....) , at mga (.....), at dugo bilang mga malilinaw na palatandaan, subali't sila ay nanatiling mapagmalaki, at sila yaong mga taong mapaggawa ng kabuktutan.

16 {مَثَلُ الَّذِينَ اتَّخَذُوا مِنْ دُونِ اللَّهِ أَوْلِيَاءَ كَمَثَلِ (.....) اتَّخَذَتْ بَيْتًا}

Ang kahalintulad niyaong mga nagtuturing ng ibang awliyah[tagapangalaga] bukod sa Allah ay katulad ng isang (.....) na gumawa ng isang bahay.

17 {فَلَمَّا عَتَوْا عَمَّا نُهَوْا عَنْهُ قُلْنَا لَهُمْ كُونُوا (.....) خَاسِبِينَ}

Kaya nang sila ay naging marahas tungkol sa anumang bagay na sa kanila ay ipinagbabawal, Aming sinabi sa kanila:"Kayo ay maging (.....) na kinamuhian.



18 {أَفَلَا يَنْظُرُونَ إِلَىٰ (.....) كَيْفَ خُلِقَتْ}

Kaya, hindi ba sila sumusulyap sa (.....) –kung papaano sila nilikha?

19 {خُشِعًا أَبْصَارُهُمْ يَخْرُجُونَ مِنَ الْأَجْدَاثِ كَأَنَّهُمْ (.....) مِّنْتَشِرٌ}

Ang kanilang mga mata ay nangayupapa, sila ay magsisilabasan mula sa mga libingan na wari bang sila ay mga (.....) na naglilipana.

20 {يَوْمَ يَكُونُ النَّاسُ (.....) الْمَبْثُوثِ}

[Ito ang] Araw na ang tao ay magiging tulad ng mga (.....) na nangagalat.

21 {مَنْ لَعَنَهُ اللَّهُ وَعَصِبَ عَلَيْهِ وَجَعَلَ مِنْهُمْ (.....) وَ (.....)}  
Sila ay kabilang sa mga (.....) at mga (.....).  
sinumpa ni Allah at kinapoota, at sila ay ginawa niyang mga (.....) at mga (.....).

22 {فِرَاعٍ إِلَىٰ أَهْلِهِ فَجَاءَ (.....) سَمِينٍ}  
Pagkaraan, siya ay sumaglit sa kanyang mag-anak, (.....) at dumating na may dala-dalang isang inihaw na matabang (.....).

23 {فَأَلْقَاهَا فَإِذَا هِيَ (.....) تَسْعَىٰ}

Kaya, ito ay kanyang inihagis sa ibaba, at kapagdaka, ito ay (.....) na mabilis gumagalaw.

24 {ثَمَانِيَةَ أَزْوَاجٍ مِّن (.....) اثْنَيْنِ وَمِن (.....) اثْنَيْنِ}

Mayroong walong magkapares: sa (.....) ay dalawa (.....) ay dalawa.

25 {إِنَّ اللَّهَ لَا يَسْتَحْيِي أَنْ يَضْرِبَ مَثَلًا مَّا (.....) فَمَا فَوْقَهَا}

Katotohanan, ang Allah ay hindi nakikimig maglahad ng paghahalintulad [na may mabuting aral] maging ito man ay maging kasing liit ng (.....) o higit [na mas maliit] kasya rito.

26 {قَالُوا نَفَقْدُ صُوعَ الْمَلِكِ وَلَمَن جَاءَ بِهِ حِمْلُ (.....) وَأَنَا بِهِ زَعِيمٌ}

Sila ay nagsabi: "Nawala sa amin ang [gintong] mangkok ng hari sinumang makapaglabas nito ay may nakalaang gantimpalang katumbas ng isang hakot (.....) at ako ay naatasan para rito".

27 {إِنَّهَا تَرْمِي بِشَرِّ كَالْقَصْرِ كَأَنَّهُ (.....) صَفْرٌ}

Katotohanan, ito ay bumubuga ng tilamsik ng (.....) apoy na kasinlaki ng isang palasyo, Na wari bang mga kawan ng naninilaw na (.....).

28 {قَالَ هِيَ عَصَايَ أَتَوَكَّأُ عَلَيْهَا وَأَهُشُّ بِهَا عَلَى (.....) وَلِي فِيهَا مَارِبٌ أُخْرَىٰ}

Siya ay sumagot: " Ito ay aking tungkod, aking hinihiligan ito, at aking gamit sa pagtigpas ng dahoon para sa aking mga (.....) at sa iba pang aking kagamitan".

29 {إِنَّ الَّذِينَ تَدْعُونَ مِنْ دُونِ اللَّهِ لَنْ يَخْلُقُوا (.....) وَلَوْ اجْتَمَعُوا لَهُ}

Katotohanan yaong inyong mga tinatawagan at dinadalanginan bukod sa Allah ay hindi kailanman makalilikha ng kahit isang (.....) kahit sila ya magsama-sama para rito.

30 {وَأَعِدُّوا لَهُمْ مَا اسْتَطَعْتُمْ مِنْ قُوَّةٍ وَمِنْ رِبَاطٍ (.....) تَرْهَبُونَ بِهِ عَدُوَّ اللَّهِ وَعَدُوَّكُمْ}

At lagi kayong maghanda laban sa kanila ng anumang inyong kakayahan sa pamamagitan ng lakas at ng mga (.....) upang sa pamamagitan nito ay inyong sindakin ang mga kaaway ng Allah at inyong mga kaaway.